

KIAN Kumusta Kawasaki

KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koryano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo

Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Tungkol sa pangungolekta ng basura sa katapusan ng taon at bagong taon

paunawa sa mga araw ng kolekta!

■Pangungolekta ng ordinaryong basura sa taong 2010 :

Matatapos sa Ika-31 ng Disyembre (Biyernes) para sa mga lugar na pang-Lunes, Miyerkoles at Biyernes.

Matatapos sa Ika-30 ng Disyembre (Huwebes) para sa mga lugar na pang-Martes, Huwebes, at Sabado.

■Pangungolekta ng recyclable na basura sa taong 2010 : Matatapos sa Ika-29 ng Disyembre (Miyerkoles)

■Pangungolekta ng karaniwang basura sa taong 2011 :

Mag-uumpisa sa Ika-5 ng Enero (Miyerkoles) para sa mga lugar na pang-Lunes, Miyerkoles at Biyernes.

Mag-uumpisa sa Ika-4 ng Enero (Martes) para sa mga lugar na pang-Martes, Huwebes, at Sabado.

■Pangungolekta ng recyclable na basura sa taong 2011 : Mag-uumpisa sa Ika-6 ng Enero.

※*Ang koleksyon ng mga malalaking basura ay inaaplayan bago ito itapon*

• Map-apply sa Sodai Gomi Uketsuke Center sa pamamagitan ng telepono

→Maaaring mag-apply hanggang sa Ika-30 ng Disyembre (Huwebes). Muling mag-uumpisa mula sa Ika-4 ng Enero.

• Sodai Gomi Uketsuke Center 【Telepono】 044-930-5300 【Oras】 mula 8:00 hanggang 16:30

• Mag-apply mula sa homepage ng Kawasaki city sa pamamagitan ng internet

→24 oras sa buong araw ng taon

Makakakuha ng guidebook na nagpapaliwanag tungkol sa ‘pagtatapon ng basura at paghihiwalay ng bagay na puwedeng i-recycle’ sa mga ward office, International center, at iba pa. Inilathala ito sa mga wikang hapon na madaling basahin, Ingles, Chinese, Korean, Tagalog, Portugues, at Spanish kaya tunghayan ito.

Tungkol sa mga Holiday Emergency Clinics sa katapusan ng taon at bagong taon

Sa biglaang pagkakasakit, pagkakaroon ng lagnat, para sa unang hakbang ng pagpapagamot sa araw ng pahinga at pistang opisyal, maaaring magpakita sa mga Holiday Emergency Clinics.

Kabilang sa mga uri ng pagamutan ang NAIKA(internal) at SHOUNIKA(pediatrics). Ang mga araw ng check-up ay tuwing Linggo, pistang opisyal at ika-30 ng Disyembre hanggang ika-4 ng Enero 2011 nitong bagong taon.

Ang check-up ay simula alas 9 hanggang alas 11:30 ng umaga, 13:00 hanggang 16:00 ng hapon.

【Telepono sa mga Holiday Emergency Clinics】

Kawasaki Holiday Emergency Clinic	044-211-6555
Saiwai Holiday Emergency Clinic	044-555-0885
Nakahara Holiday Emergency Clinic	044-722-7870
Takatsu Holiday Emergency Clinic	044-811-9300
Miyamae Holiday Emergency Clinic	044-853-2133
Tama Holiday Emergency Clinic	044-933-1120
Asao Holiday Emergency Clinic	044-966-2133



●Ang oras ng tanggapan ay maaaring magbago ng walang abiso kaya't mangyaring tumawag muna bago pumunta sa nais puntahang klinika.

Tungkol sa mga serbisyo ng city hall at ward office sa katapusan ng taon at bagong taon.

Ang karaniwang serbisyo ng city hall at mga ward office ay matatapos sa Ika-28 ng Disyembre 2010 (Martes) at mag-uumpisa muli sa Ika-4 ng Enero 2011 (Martes)

Gayundin ang mga Administrative Service Terminals na nasa ward office, branch office, communication office, Gyosei service corner.



Sumali sa Ika-17 ng Paligsahan sa Pagtatalumpati sa Wikang Hapon para sa mga dayuhan !!

Ang anwal na "Paligsahan sa Pagtatalumpati sa Wikang Hapon" ay gaganapin muli!

Ginaganap ang aplikasyon ng mga dayuhang nais sumali sa paligsahan.

Mayroong exchange meeting para sa mga aplikante at mga bisita ng pagkatapos ng paligsahan.

【Araw at Oras】 Ika 19 ng Pebrero 2011 (Sabado) 13:00~

【Lugar】 Kawasaki International Center Hall (paligsahan) at reception room (exchange meeting)

【Mga pwedeng sumali】 Mga dayuhang naninirahan dito sa Hapon sa loob ng 5 taon at hindi wikang hapon ang mother tongue, at angkop sa isa sa mga sumusunod na kondisyon

- 1, Mga dayuhang nagtatrabaho o nagsasanay (trainee) sa mga kompanya o opisinang nasa lungsod ng Kawasaki.
- 2, Mga dayuhang estudyanteng nag-aaral sa unibersidad o paaralan bokasyonal sa lungsod ng Kawasaki.
- 3, Mga dayuhang nag-aaral ng wikang Hapon sa mga Shiminkan ng Kawasaki at iba pa...

Kinakailangan ang mga rekomendasyon ng kanilang paaralan para sa mga aplikanteng mag-angkop sa 2 at 3.

【Tema】 Malaya ang pagpili ng tema. Gayunpaman, hindi tatanggapin ang mga temang tungkol sa mga akitibidad ng politiko /relihiyon o topiko na ginamit na sa ibang paligsahan.

【Huling araw ng aplikasyon】 Dapat makaabot hanggang ika 19 ng Enero 2011 (Miyerkules)

【Limitasyon ng kasali】 15 katao. Kung mas madami sa 15 katao ang mga aplikante, maaaring magkaroon ng pre-selection.

【Pagtatalumpati】 Ang bawat aplikante ay may 5 minuto ng pagtatalumpati. Maaaring gamitin ang flip card atbp, gayunpaman hindi maaaring basahin ang manuskrito habang nagtatalumpati.

【Katanugan】 Kawasaki International Association TEL:044-435-7000 FAX:044-435-7010 E-mail kiankawasaki@kian.or.jp

Pag-aralan nating ang kultura ng mundo sa pamamagitan ng pag-sayaw !

【Bayad】 Argentine tango ¥2,000/2 sesyon. Brazilian Dance ¥2,000/2 sesyon

(Magbayad sa pos opis o sa Kawasaki International Center)

【Mga pwedeng sumali】 16 taong gulang pataas **【Limitasyon ng dami ng kasali】** 50 katao (first-come first serve basis)

【Saan】 Kawasaki International Center

【Paano mag-apply】 Mula Ika 25 ng Disyembre. (Sabado) Sa pamamagitan ng Telepono •FAX• o pag-bisita sa International Center (Oras 9:30~16:30). Mangyaring isulat/ ipalam ang mga sumusunod

1, pangalan ng leksyon 2, pangalan 3, tirahan (address) 4, numero ng telepono.

【Paalagaan ng bata】 Batang hindi pa nag-aaral mula 1 taong gulang pataas ¥300/bata.

Isulat o ibigay ang impormasyon ng bata (pangalan, taon, babae o lalaki)

【Kailan】 • Argentine tango : Mga Titser: Mr.DIEGO at Ms.RIE ① Ika-5 ng Pebrero (Sat) ② Ika-12 ng Pebrero (sat)

• Brazilian dance: Mga Titser: Mr.Marquinhos Mr.Anderson Miyazato ① Ika-26 ng Pebrero (Sat) ② Ika-5 ng Marso (sat)

【Oras】 10:00~12:00 (4 na sesyon) *Magsuot ng komportable sa pagdalo ng klase. Tandaang walang pagbibihisang kuwarto.

【Katanugan/Aplikasyon】 Kawasaki International Association TEL:044-435-7000 FAX:044-435-7010 E-mail kiankawasaki@kian.or.jp

"Impormasyon tungkol sa araw na sarado ang Kawasaki International Center sa pagtatapos ng taon at bagong taon"

• Mula 2010.12.29 (Biyernes) hanggang 2011.1.3 (Lunes) sarado ang Kawasaki International center. (Bukas ang Hotel at ang restaurant ay bukas para sa mga panauhin sa hotel lamang)


• Magbubukas muli mula sa Ika-4 ng Enero. Maligayang bagong taon sa inyong lahat.



LIBRENG PAGPAPAYO PARA SA MGA DAYUHAN SA KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION

Iskedyul ng Konsultasyon [10:00~12:00 13:00~16:00]

Tagalog	Martes at Miyerkoles	※ Tinatanggap din ang konsultasyon sa wikang hapon
Espanyol	Martes at Miyerkoles	
Koryano	Martes at Huwebes	*Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi
Ingles	Lunes~Sabado	Ika-19 ng Disyembre, Ika-16 ng Enero (Linggo)
Intsik	Martes, Miyerkoles at Biyernes	14:00-16:00 (kailangan ang reserbasyon para sa interpreter)
Portugis	Martes at Biyernes	2F Kawasaki International Center conference room



Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 044-435-7000

Kawasaki Ward office (Libreng konsultasyon)

Asao Ward office (Libreng konsultasyon)

wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	14:00~16:30
Intsik	1, 3 Martes	14:00~16:30
Tagalog	1, 3 Martes	9:30~12:00

wika	araw	oras
Ingles	1, 3 Huwebes	9:30~12:00
Intsik	1, 3 Martes	9:30~12:00
Tagalog	1, 3 Miyerkoles	14:00~16:30